

Ang **Salig Bangsamoro** ay ulat ng Rooted in Trust Philippines na isinasapubliko dalawang beses sa isang buwan. Ang Rooted in Trust ay global at lokal na tugong humanitaryan ng Internews para labanan ang pagkalat ng mga haka-haka o usap-usapan sa isla ng Mindanao, partikular sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM).

Sa linggong ito, tatlong usap-usapan tungkol sa COVID-19 ang aming sinubukang sagutin. Nagtanong ang mga tao kung bakit mas mahigpit ang quarantine sa Lanao del Sur habang naniniwala sila na ang Metro Manila ay balik na sa normal. Sa Maguindanao, naniniwala ang iba na kapag ikaw ay nagdaan sa test, isa ka nang positibo sa virus habang may naniniwala rin nakakagaling ng COVID-19 ang ilang home remedies.

RUMOR #1

Self-medication o Sariling Lunas

Sabi nila ang paracetamol ay nakakagamot ng COVID-19 at kapag may sintomas ka, hindi mo na kailangan pang magpatingin sa doktor at maaari ka lang uminom ng antibiotics. Simula ng quarantine, sabi nila na ang itlog, bawang at saging ay nakakagaling ng COVID-19.

Tugon mula sa pakikinig sa komunidad sa Maguindanao

Sa kasalukuyan, wala pang gamot para sa COVID-19. Ang mga home remedies tulad ng gamot mula sa botika at halamang gamot ay maaaring magbigay ng pansamantalang lunas sa mga sintomas nito ngunit hindi ito sagot para malunasan ang impeksyon.

Hindi nirerekomenda ng World Health Organization ang self-medication. Dahil wala pang lunas sa COVID-19, hindi makakabuti at mas malalagay lamang sa peligro ang ating kalusugan kung tayo ay aasa sa kung anong sa tingin natin ang tama.

Sa pag-inom ng paracetamol, maaaring gumaling ang lagnat na isa sa mga sintomas pero hindi nito magagamot ang impeksyon. Ang itlog, bawang at saging ay mga masusustansyang pagkain pero hindi nito mapipigilan ang pagkahawa sa virus.

Ang mga home remedies para sa COVID-19 ay hindi nirerekomenda at maaaring magpalala ng iyong kondisyon. Patuloy ang mga klinikal na pagsubok sa kanluranin at tradisyonal na medisina at ang WHO ay nakikipag-uganayan rin sa mga kasalukuyang pinag-aaralang bakuna at gamot para sa COVID-19.

Kung ikaw ay nakakaranas ng mga sintomas, tumawag at sumangguni sa isang doktor at ipagbigay-alam ang mga impormasyon sa iyong kondisyon. Sundin ang payo ng eksperto at regular na bantayan ang kalagayan.

RUMOR #2

Stigma sa Testing

Karamihan ay ayaw pa ring sumailalim sa rapid o swab test para sa COVID-19 sa paniniwalang ang pagpapatest ay awtomatikong nagkukumpirma na ang isang indibidwal ay positibo sa COVID-19.

Tugon mula sa pakikinig sa komunidad sa Maguindanao

Ang pagpapa-test ay pagmamalasakit sa kapwa. Ang desisyon na magpatest sa COVID-19 ay katumbas ng pagpili sa pagbibigay proteksyon hindi lamang sa iyong sarili, kung hindi maging sa iyong pamilya at sa buong komunidad.

Ipinapaalala ng World Health Organization sa publiko na walang pinipili ang COVID-19, ganon din tayo bilang mga indibidwal. Ang pagpapatest para sa COVID-19 ay nakakatulong sa pagprotekta sa mga bata at mga nakatatanda. Ito ang natatanging paraan upang makumpira kung ikaw o ang iyong mahal sa buhay ay may COVID-19.

Sinisiguro ng mga health worker na ang mga impormasyong magbibigay ng pagkakakilanlan o personal information at resulta ng inyong test ay hindi kailanman ibabahagi sa ibang tao, bukod sa inyong mga doktor at iba pang health worker sa komunidad.

Sa ngayon, Reverse Transcription Polymerase Chain Reaction (RT-PCR) pa rin ang kinokonsidera bilang “gold standard” o ang pinaka-tamang pamamaraan upang matukoy kung ang isang tao ay may COVID-19 o wala. Ang RT-PCR ay ginagawa sa papamagitan ng pagkolekta ng swab samples mula sa ilong o sa lalamunan. Ito ay isang importanteng instrumento dahil:

- Ito ay makakatulong sa pagkontrol sa pagkalat ng COVID-19
- Ito ay tumutukoy sa mga taong nagpositibo sa COVID-19 na ngangailang maibukod mula sa mga kasamahan nito
- Ito ay nagpapadali sa contact tracing process o ang proseso ng paghahanap sa mga nakasalamuhang indibidwal ng isang indibidwal na nag-postibo COVID-19

SAGOT

SAGOT

RUMOR #3

Balik na sa normal ang Metro Manila habang ang Lanao del Sur ay mas mahigpit ang quarantine status dahil naniniwala pa rin ang mga tao sa COVID-19

*“Sa Maynila, hinahayaan na ng lokal na gobyerno ang mga tao na bumalik sa normal...Habang sa probinsya ng Lanao del Sur ay nakakasurpresa na mahigpit pa rin dahil naniniwala pa sila sa COVID-19 kahit tapos na ang pandemya.”
(Lalaki, edad 26-35)*

Ang post na ito sa Facebook ay may 755 reactions, 181 comments, 214 shares sa loob ng apat na araw mula Oktubre 3 hangagang Oktubre 6. Ang post na ito ay nabura na pero dahil sa lawak ng abot nito, maaari pa rin itong maipasa sa komunidad.

SAGOT

Hindi pa bumabalik sa normal ang Metro Manila. Sa katunayan, ito ay nasa ilalim pa rin ng general community quarantine (GCQ) simula Hunyo at ibinalik sa mas mahigpit na quarantine sa unang dalawang linggo ng Agosto para matulungan ang mga medical frontliners dahil sa tumataas na kaso.

Sa GCQ, may mga ilang pampublikong sasakyan na ang nakakapasada at halos lahat ng industriya ay pinapayagan ng magbukas. Pero mahigpit pa ring pinapatupad ang curfews, social distancing at pagsusuot ng face shields at masks sa mga pampublikong lugar.

Sa Lanao del Sur, may dahilan kung bakit pinalawig hanggang Oktubre 31 ang mas mahigpit na quarantine. Ito ay para makaligtas at hindi limitahan ang buhay. Mayroon lamang 23 na ospital sa BARMM na kasalukuyang tumutugon sa mga pasyente ng COVID-19 kumpara sa 161 na ospital ng Metro Manila. Dahil patuloy ang pagtaas ng kaso, kakayanin lamang ito ng mga ospital base sa kapasidad nito.

Kapag sumobra ang karga, ang mga healthcare workers ay paniguradong makakaranas ng sobrang pagod dahil sa walang patid na trabaho. Ito ay maaaring maglagay sa kanila sa panganib ng inpeksyon. Ang mahigpit na quarantine measures ay makakatulong sa pagsugpo ng pagkalat ng COVID-19.



MAGPATEST PARA SA ISANG LIGTAS NA KOMUNIDAD. HUWAG MAG-SELF MEDICATE. KUMUNSULTA SA DOKTOR.

Hindi dapat ikahiya ang pagkakaroon at pagpapagamot laban sa COVID-19. Kung ikaw o ang iyong mga mahal sa buhay ay nakakaranas ng mga sintomas gaya ng lagnat, pag-ubo, pagtatae, at panghihina ng katawan at nangangailang sumailalim sa COVID-19 testing, agad na makipag-ugnayan sa inyong Barangay Health Emergency Response Teams (BHERTS) or tumawag sa mga sumusunod na numero:



MAGPATEST PARA SA ISANG LIGTAS NA KOMUNIDAD



BANGSAMORO EMERGENCY HOTLINE NUMBERS

Globe: 09663018777
Smart: 09363395221



COTABATO SANITARIUM

064 429-0082



Amai Pakpak Medical Center Teleconsult:

Smart: 09991909488
Globe: 09955632722
Internal Medicine: 0927 480 8255
Pediatrics: 0927 382 2382
Ob-Gyne: 0927 480 7019
Surgery: 0961 418 4618
or 0967 315 1891